Mga paraan sa pagkuha ng kompensasyon para sa kaanak ng mga empleyadong napinsala o nasawi habang nasa trabaho o dahilan sa sakit na may kaugnayan sa trabaho

Kagawaran ng Paggawa

Paunang Salita

Ang *leaflet* na ito ay isang maigsing pagpapaliwanag sa mga probisyon ng Kautusan ukol sa Kompensasyon sa mga Empleyado (*ECO-Employees' Compensation Ordinance*) tungkol sa kabayaran para sa pagkakapinsala sa o pagpanaw ng empleyado habang nasa trabaho na binago ng Kautusan ukol sa Kompensasyon sa mga Empleyado (Susog) (Bilang 2) 2000. **Ang mga probisyon na ipinaliliwanag dito ay pinapairal lamang sa mga aksidente na naganap noong Agosto 1, 2000 o pagkaraan ng petsang ito.**

Ano ang Kompensasyon para sa Empleyadong Pumanaw dahil sa Aksidente sa Trabaho?

Kung ang empleyado ay nasawi dahil sa aksidente (o sa sakit na natukoy na mayroong kaugnayan sa trabaho) na nangyari dahil sa trabaho at sa panahon ng trabaho, may obligasyon ang kaniyang amo sa ilalim ng ECO na bayaran ang kompensasyon para sa kamatayan sa naiwang mga miyembro ng kaniyang pamilya.

Bilang karagdagan, obligasyon ng kanyang amo ang ibalik ang makatwirang gastos sa pagpapalibing at mga naging gastos sa pagpapagamot ng empleyadong namatay, sa halagang di hihigit sa $35,000.

Paano Kwentahin ang Kompensasyon para sa Pagkamatay?

<table>
<tr><th>Edad ng Empleyadong Pumanaw</th><th colspan="2">Halaga ng Kompensasyon</th></tr>
<tr><td>Mababa sa 40</td><td>84 na buwang sahod*</td><td rowspan="3">o $303,000, alinman ang mas mataas</td></tr>
<tr><td>40 hanggang 55</td><td>60 na buwang sahod*</td></tr>
<tr><td>56 o mahigit</td><td>36 na buwang sahod*</td></tr>
<tr><td colspan="3">Para sa pagkwenta ng kompensasyon, ang buwanang sahod ay ibabatay sa hangganang $21,000 lamang.</td></tr>
</table>

Ang kompensasyon ay ipamamahagi sa mga kwalipikadong miyembro ng pamilya ng yumaong empleyado ayon sa iskedyul ng paghahati na nasa *Table 1.*

Sino ang May karapatan sa Kompensasyon?

Kompensasyon para sa Empleyadong Pumanaw dahil sa Aksidente sa Trabaho

Ang kompensasyon ay ibabayad sa "mga miyembro ng pamilya" ng nasawing empleyado. Sa ilalim ng ECO, ang "mga miyembro ng pamilya" (maging kadugo man o kinikilala ng batas na pag-aampon) ng yumaong empleyado ay:

- asawa o kapisan (ang "kapisan" ay kahit sino na kasamang naninirahan na parang asawa ng empleyado sa panahon ng aksidenteng tinutukoy)
- anak
- magulang o lolo/lola; o
- apo,madrasta/madrasto,anak sa una ng asawa, kapatid, biyanang babae, biyanang lalaki, lalaking manugang, babaeng manugang, bayaw, hipag, anak ng kapatid na tunay, kapatid sa ina/ ama, at kahit sino man sa kanila ay dapat naninirahan bilang miyembro sa iisang tahanan na kasama ang empleyado sa loob ng 24 na buwan bago nangyari ang aksidente.

Mga Gastos sa Libing at sa Pagpapagamot
Ang sinumang nagbayad ng gastos sa pagpapalibing o pagpapagamot ng yumaong empleyado ay may karapatan na maibalik sa kanya ang halagang ibinayad para sa mga gastusing ito.

Pagpapasya ng Tagapamahala ng Paggawa

Pagpapairal
Sa mga aksidente kung saan ang mga panig na humihiling ng kompensasyon ay sumang-ayon, ang Tagapamahala para sa Paggawa ay maaaring magbigay ng pasya tungkol sa halaga ng kompensasyon at/o mga gastos sa pagpapalibing at pagpapagamot na dapat maisauli at sa mga tao na may karapatang mabigyan ng kompensasyon.

Panahon para sa Pagsumite ng Kahilingan
- Aplikasyon para sa pagpapasya sa kompensasyon:
  Sa loob ng 6 na buwan mula sa petsa ng pagpanaw ng empleyado.

- Pagsasauli ng mga gastos sa pagpapalibing at pagpapagamot:
  Sa loob ng 30 na araw mula sa araw ng pagsunog sa bangkay/ libing ng empleyadong pumanaw o sa araw na kung kailan ay tinanggap ng Tagapamahala ang pahintulot ng amo tungkol sa pagpapasya, alinman ang mas huli.

Pagpapasya at Pagkakaloob ng Sertipiko
Pagkatanggap ng aplikasyon, isasaalang-alang ng Tagapamahala kung ang kaso ay angkop para sa kanyang pagpapasya. Kung ito ay angkop, ang Tagapamahala ay magsasagawa ng pagpapasya at magkakaloob ng kaugnay na sertipiko sa lahat ng aplikante at sa amo, na nagsasaad ng halaga ng kompensasyon na dapat bayaran at ng mga kwalipikadong tao na dapat mabayaran.

Maaaring ang amo o ang isang aplikante ay tumutol sa pasya na isinagawa ng Tagapamahala. Sa ganyang mga kaso, muling rerepasuhin ng Tagapamahala ang kanyang desisyon at magbibigay ng sertipiko ng muling pagsasaalang-alang.Maaari rin na ang kahit na sinong panig na humuhiling (ng kompensasyon) ay mag-apela sa Pandistritong Korte laban sa desisyon ng Tagapamahala.

Mga Paunang Bayad Habang Naghihintay ng Resulta ng Pagpapasya
Kung ang kahilingan para sa kompensasyon ay pagpapasyahan ng Tagapamahala, ang asawa (hindi kasali ang kapisan) ng empleyadong pumanaw ay maaaring mag-aplay sa Komisyunado para pagpasyahan ang tungkol sa Mga Paunang Bayad habang naghihintay (ng resulta) ng pagpapasya para sa kompensasyon. Pagkatanggap ng kanyang aplikasyon, ang Tagapamahala ay magkakaloob ng sertipiko na nagbibigay ng mga detalye ng kanyang pagpapasya.

Ang Mga Paunang Bayad Habang Naghihintay ng Resulta ng Pagpapasya ay kailangang ibayad ng amo sa asawa ng empleyadong pumanaw. Binubuo ng unang kabayaran at ng kasunod na mga buwanang kabayaran sa halagang 50% ng sahod ng nasawing empleyado, ang kabuuan ng Mga Paunang Bayad ay hindi dapat hihigit sa 45% ng kabuuang halaga na kailangang ibayad para sa kompensasyon. Ang kabuuan na Mga Paunang Bayad ay ibabawas sa bahagi ng kompensasyon para sa asawa.

Pagpapasya ng Korte

Kung sa palagay ng Tagapamahala ay hindi angkop para sa kanyang pagpapasya ang kahilingang sinumite, o kung ang amo o sinuman sa mga may-kahilingan ay hindi umaayon na isumite ang kahilingan sa Tagapamahala upang kaniyang pagpasyahan, ang kaso ay padedesisyunan sa Pandistritong Korte. Ang mga may-kahilingan ay dapat maghain ng kahilingan sa Korte sa loob ng 24 na buwan mula sa petsa ng pagpanaw ng empleyado.

Kung ang kahilingan ay pagdedesisyunan ng Korte, ang mga miyembro ng pamilya ng empleyadong pumanaw ay maaaring:

(a) mag-aplay ng tulong mula sa Kagawaran para sa Tulong Pambatas(*Legal Aid Department*);
(b) mag-aplay nang diretso sa Pandistritong Korte *(District Court)*; o
(c) kumuha ng pribadong abogado upang magrepresenta sa kanila sa mga kaganapang pang-korte.

Ang *Fatal Cases Office* ng Kagawaran ng Paggawa ay tutulong sa mga miyembro ng pamilya ng mga nasawing empleyado, sa kanilang paghiling, sa pamamagitan ng pagsangguni sa kanila sa Kagawaran para sa Tulong Pambatas o sa Pandistritong Korte

Paano Magsagawa ng Kahilingan para sa Kompensasyon sa Pagpanaw ng Empleyado?

Ang sinumang tao na gustong humiling ng kompensasyon para sa empleyadong nasawi dahil sa aksidente sa trabaho ay dapat magpunta sa *Fatal Cases Office* ng Kagawaran ng Manggagawa.

Kailangan niyang dalhin ang mga sumusunod na dokumento:

(a) ang kanilang *identity card*
(b) ang *identity card* ng namatay na empleyado
(c) sertipiko ng kamatayan o utos na nagbibigay ng pahintulot sa paglibing/ pagsunog sa bangkay ng nasawi (na empleyado) at
(d) kaugnay na mga dokumento na nagpapatunay ng relasyon sa pagitan ng namatay at ng aplikante, halimbawa: sertipiko ng kasal, sertipiko ng kapanganakan o ebidensiya ng tirahan.

Mga Miyembro ng Pamilya na Naninirahan sa Labas ng Hong Kong

Ang mga miyembro ng pamilya ng nasawing empleyado na naninirahan sa labas ng Hong Kong ay kinakailangang magbigay ng mga sumusunod na dokumento kung gusto nilang humiling ng kompensasyon:

(a) mga dokumento sa pagkakakilanlan, halimbawa: pasaporte
(b) sertipiko/ mga dokumento na nagpapatunay ng relasyon sa namatay na empleyado at
(c) Sulat ng Pagpayag na nagbibigay ng pahintulot sa isang abogado na siyang tumayo para sa kanila sa pamamahala ng kanilang kahilingan.

Kinakailangan na tiyakin ng mga aplikante na ang mga dokumento na naihanda sa kanilang wikang kinalakihan ay may pagsasalin sa Ingles (hindi kailangan ang pagsasalin kung ang mga dokumento ay nasa wikang Intsik o Ingles), pinatunayang totoo ng kanilang lokal na mga otoridad o Pampublikong Notaryo (*Notary Public)*at naaprobahan ng isang opisyal ng *Consular Department* ng Ministeryo ng Ugnayang Panlabas ng China (para sa mga miyembro ng pamilya na nakatira sa China) o ng *Chinese Consular Officer*

sa ibang bansa (para sa mga miyembro ng pamilya na nakatira sa ibang bansa /mga lugar na labas sa China.)

Ano ang Nararapat Gawin ng Amo?

Kailangang ipagbigay-alam ng amo sa Kagawaran sa Paggawa ang anumang aksidente kung saan may nasawi, sa pamamagitan ng pagsumite ng "*Notice of Accident*" *(Form 2 / 2A)* sa loob ng pitong (7) araw matapos ang aksidente, nang walang pagsasaalang-alang kung ang pagkasawi man (ng empleyado) ay hahantong sa pagkakaroon ng obligasyon na magbayad ng kompensasyon. Ang amo na hindi magbigay ng abiso tungkol sa aksidente o kaya ay nagbigay ng anumang hindi totoong impormasyon sa Tagapamahala, nang walang makatuwirang dahilan, ay makagagawa ng paglabag sa batas at kapag napatunayang nagkasala, ay obligadong magmulta ng $50,000.

Kung ang amo ay walang tutol sa obligasyon na magbayad ng kompensasyon bilang resulta ng aksidente kung saan may nasawi, maaari siyang magbigay ng pahintulot sa pagsusumite ng kahilingan na pagpapasyahan ng Tagapamahala. Kapag naibigay na ng Tagapamahala ang mga sertipiko, dapat magbayad ang amo ng kompensasyon o magsauli ng mga gastos sa pagpapalibing at pagpapagamot batay sa mga Sertipiko, kung walang tutol o pag-aapela ang alinmang panig.

Ang amo na hindi magbayad ayon sa Sertipiko/ Sertipiko ng Muling Pagsasaalang-alang, nang walang makatuwirang dahilan, ay pagbabayarin ng dagdag na halaga bukod pa sa halaga ng kompensasyon/mga bayarin na nakasaad sa Sertipiko/ Sertipiko ng Muling Pagsasaalang-alang. Siya ay makagagawa rin ng paglabag sa batas at kapag napatunayang nagkasala, siya ay obligadong pagmultahin ng $100,000.

Saan Makakakuha ng Karagdagang Impormasyon?

Fatal Cases Office
Employees' Compensation Division
Labour Department
Room 601, 6/F., Harbour Building
38 Pier Road, Central, Hong Kong

Tel. No.:2852 3994 ***Fax: 2854 4166***

(Ang nilalaman ng *leaflet* na ito ay maaari ring mabasa sa homepage ng Kagawaran sa Paggawa sa http://www.info.gov.hk/labour)

Table 1

Paghahati-hati ng Kompensasyon

Mga Miyembro ng Pamilya na May Karapatan sa Kompensasyon	**Paghahati-hati ng Kompensasyon**
1. asawa/kapisan lamang	100% sa asawa/kapisan
2. (mga) anak lamang	100% sa (mga) anak
3. (mga) magulang/ (mga)lolo at lola lamang	100% sa(mga) magulang/ (mga) lolo at lola
4. asawa/kapisan at (mga) anak lamang	50% sa asawa/ kapisan 50% sa (mga) anak
5. asawa/ kapisan at (mga) magulang/ (mga) lolo at lola lamang	80% sa asawa/ kapisan 20% sa (mga) magulang/ (mga) lolo at

	lola lamang
6. asawa/kapisan (mga) anak, at (mga) magulang/(mga) lolo at lola lamang (mayroon man o wala nang iba pang kwalipikadong mga miyembro ng pamilya)	45% sa asawa/ kapisan 45% sa (mga) anak 10% sa (mga) magulang/ (mga) lolo at lola (ang iba pang miyembro ng pamilya ay wala ng karapatan sa kompensasyon
7. (mga) anak at (mga) magulang/ (mga) lolo at lola lamang	80% sa (mga) anak 20% sa (mga) magulang/ (mga) lolo at lola
8. iba pang (mga) miyembro lamang ng pamilya kung walang nabubuhay na asawa/kapisan, (mga) anak o (mga) magulang/ (mga) lolo at lola	100% sa iba pang (mga) miyembro ng pamilya
9. asawa/kapisan at iba pang (mga) miyembro ng pamilya lamang	95% sa asawa/ kapisan 5% sa iba pang (mga) miyembro ng pamilya
10. (mga) anak at iba pang (mga) miyembro ng pamilya lamang	95% sa (mga) anak 5% sa iba pang (mga) miyembro ng pamilya
11. (mga) magulang/ (mga) lolo at lola at iba pang (mga) miyembro ng pamilya lamang	95% sa (mga) magulang/ (mga) lolo at lola 5% sa iba pang (mga) miyembro ng pamilya
12. asawa/kapisan. (mga) anak at iba pang (mga) miyembro ng pamilya lamang	50% sa asawa/ kapisan 45% sa (mga) anak 5% sa iba pang (mga) miyembro ng pamilya
13. asawa/ kapisan, (mga) magulang/ (mga) lolo at lola at iba pang (mga) miyembro ng pamilya lamang	75% sa asawa/ kapisan 20% sa (mga) magulang/ (mga) lolo at lola 5% sa iba pang (mga) miyembro ng pamilya
14. (mga) anak, (mga) magulang/ (mga) lolo at lola at iba pang (mga) miyembro ng pamilya lamang	75% sa (mga) anak 20% sa (mga) magulang/ (mga) lolo at lola 5% sa iba pang miyembro ng pamilya

Tandaan 1: Kung ang bilang ng kwalipikadong tao sa parehong kategoriya ay sobra sa isa, ang halaga ng kompensasyon ay paghahati-hatiin nang parehas sa kanila. Ngunit kung ang namatay na empleyado ay may naiwan na (mga) magulang at (mga) lolo at lola, ang halaga ng kompensasyon na dapat ibayad sa kategoriyang ito ng mga miyembro ng pamilya ay paghahati-hatiin na katulad ng sumusunod: 70% sa (mga) magulang
30% sa (mga) lolo at lola

Tandaan 2: Ang iba pang (mga) miyembro ng pamilya ay binubuo ng apo, madrasta/madrasto, anak sa una ng asawa, kapatid, biyenang babae, biyenang lalaki, manugang na lalaki, manugang na babae, bayaw, hipag, anak ng kapatid na tunay, kapatid sa ina/ ama, at sinuman sa kanila ay naninirahan bilang miyembro sa iisang tahanan na kasama ang empleyado sa loob ng 24 na buwan bago mangyari ang aksidente.

(Ang patnubay na ito ay nagpapaliwanag sa mga mahahalagang probisyon ng Kautusan ukol sa Kompensasyon sa Mga Empleyado (Kap.282). Kailangang tandaan na ang Kautusan lamang ang tanging kinikilalang mahusay na sanggunian para sa ipinaliwanag na mga probisyon ng batas.)